# ROD ANTHONY A. ROBLES

Siya ay tubong Tigaon sa lalawigan ng Camarines Sur at kasalukuyang nakatira sa Lungsod ng Quezon. Sa kasalukuyan ay nagtatrabaho siya bilang isang HR Manager. Siya ay nagtapos ng kursong BA Development Studies at MA of Industrial Relations sa Unibersidad ng Pilipinas. Napabilang siya sa Palihang Rogelio Sicat 12 (tula) at LIRA,  taong 2019. Siya ay sumusulat ng mga tula at mga tulang pambata.

# TAWONG LIPOD[4]

*Sa kapinonan*. An dolot ming atang uni na baya.
Nakabugtak sa atubangan, duman sa pinto kan tabernakulo
Papatoson mi an templo nin pinong bulawan
o nin pinakapiling plata. Ika an samuyang kagurangnan
digdi sa kinaban. Giromdomon mo kami. Hagad mi an
saimong bendision na garong pag-awit
himno na pag-omaw sa Dios.

*Sa huri asin kataposan*. An gabos na atang
ay tutong na at naburat na an padi sa atang na arak.
Nalingaw sa saiyang kontrata sa mga tawo asin kagurangnan
Uni yaon kami na padagos man giraray sa pagdolot
nin atang *sa iya*. Uni yaon kami silensiong naglalaom
dawa nabuta at nabungog na an mga puwersang
dae nagpapahiling. Mayo nin sirbi an mga pagtabi-apo
o an pangadyi kan mga albularyo. Siring sa mga istorya,
an mga tawong lipod nagsusulot palan
nin gubing nin tawo.

4 *Sa Kabikulan, sa pangkalahatan, ang* ***tawong lipod*** *ay mga di nakikitang espiritu or uri na kadalasan ay nagdudulot ng pinsala kapag ito ay iyong nagambala. Halimbawa nito ay ang mga engkanto sa Katagalugan.*

# TAWONG LIPOD

*salin sa Filipino*

*Sa simula. Ang handog naming alay ay narito.*
*Nakalagay sa harapan, doon sa pinto ng tabernakulo.*
*Babalutin namin ang templo ng purong ginto*
*o mga piling pilak. Ikaw ang aming panginoon*
*dito sa lupa. Alalahanin mo kami. Mithi namin*
*ang inyong bendisyon na parang pag-awit*
*ng imno ng papuri sa Diyos.*

*Sa huli at katapusan. Ang lahat ng alay*
*ay masusunog at ang pari'y nalasing sa inalay na alak.*
*Nakalimutan ang kaniyang kasunduan sa mga tao at sa maykapal.*
*Heto kami na patuloy pa rin sa paghahandog*
*ng alay sa kaniya. Heto kaming tahimik na patuloy na umaasa*
*kahit nabulag at nabingi na ang mga puwersang*
*hindi nagpapakita. Nawalan na ng silbi ang pagtabi-apo*
*o ang panalangin ng albularyo. Gaya sa mga kuwento,*
*an mga tawong lipod ay nagsusuot pala*
*ng damit ng tao.*